

Paglasa sa Pansamantala

Vijae Orquia Alquisola

Araling Panlipunan

Parang mga hiwa ng karne
ang mga kontinente sa mapa.
Dahil makulay, inisip ko ring
sapin-sapin tulad ng niluluto
ni lola kung pista. Puwede ring
sambuong pizza, tingnan mo
ang mga laylayan, parang kinagat-
kagat. Pambihirang gutom,
kay raming nasubo sa paglalayag.
Napadpad sa kung saang kabisera
tulad ng aking magulang.

Mapamapa o mapaglobo, madalas kong
mapagkamalang nilaga ang Hilaga,
sabaw na pinaglalawayan sa panlalamig.
Pakirinig ko'y hinog, hindi Timog, tulad ng
manggang namimintog sa pagkadurog.
Pakiwari sa Kanluran, kudkuran na sumusugat
sa kalamnan ng niyog; ang bao, araw na napagod.
Pero ang Silangan— Silangan pa rin.
Sinasangag sa liwanag ng araw—
binababad sa baha.

Hindi ako nalilipasan ng gutom,
sapat na sapat ang aking baon.
Talagang pagkain lang ang nalalasp ko
sa mga talakayan— lalo pa't bilog ang mundo
parang platong minamanibela ni lola
sa tuwing may aalis pagkatapos ng salusalo.

Sa mga paglalakbay na pinag-aralan,
may mga pangalang pinaparangalan
ang bawat panahon, ang bawat lugar.
Ibinabansag para masariwa ang alaala.
Dito, mula sa pagkain hanggang sa kalsada.
Ultimo posporo sa pagsisindi ng kalan.
Kung pagpapangala'y pagdakila sa bayani,
sibuyas pa ba ang sibuyas natin?
Patola ang patola? Ang sangkalan?
May kawa pa bang natitira?

At kung itatala ang aming buhay,
tatawagin ko itong lasaysayan.
Umiinog na parang plato,
hindi malinaw ang simula—
patutunguhan ng takam.

Hugas-bigas

Kanina pa sana nakatikim ng tadyak
ang tv kundi lang bagong bili.
High blood na naman si tatay.
Parang batang inasar-talo ng SONA:
Tuwid, tuwid. Baka tuwad!
Natigil nang mapatingin sa orasan.
Magsaing na. Huwag mong
itatapon ang ikalawang hugas.
Muling nag-init sa pagtaas ng piso.
Tumaas pa ang bores
sa palakpak sa mga OFW.
Mabuhay? Mabubuhay
ka ba sa bugbog o bitay?

Malabo, talagang malabo

kahit sa ikatlong ulit
parang ulap ang kupas ng bigas.
Kakulay na kakulay ng ikalawa.
Kung ganito nga ang ulap sa alamat:
nadakot, nakatagong gaspang ng langit.
Kaya pala napapangiwi ako
sa paghigop ng sinigang.
Namnam na namnam—
bugtong ng sampalok.

Bago kumain, lahat naghuhugas
ng kamay— hindi ng bigas.

Pagbabalat

Pahambugan kami sa Mauban
na mabuo ang balat ng daranghita.
Pagalingan sa Lucena
na mabuo ang balat ng dalanghita.
Paangasan sa Maynila
na masolid ang balat ng dalandan.

Tinititigan ng talunan ang pagpiga
sa punit na balat. Hindi ko masabi
na malas lang talaga.
O naninibago. Sa mga kaklase
natutunan ko: maaaring tumawa
sa pagluha ng iba.

Isang prutas, hitik sa bigkas—

baklas.

Halika na sa Kusina

Ano ka ba, luho lamang ang paglalamas ng asin sa ampalaya. Sa pait nakakabit ang sustansiya. Hindi ako maselan sa hiwa. Abala lamang ang nispis ng gayat. Mas makapal, mas lasap na lasap ang takam sa tikim. Gaya ng kaniyang pagpikit-pikit habang sumisirit ang ginisang pait sa dila at ngalan-gala. Laway na laway sa kalinga ng aking kusina.

Masarap din daw magluto ang kaniyang asawa. (Mabilaukan ka sana.) Pero bawi niya, mas malasa ang aking timpla. Napasasarap, maging sinumpang gulay. (Naku naman, paborito ko rin ang bola-bola.)

Gusto mong malaman ang aking sikreto? Halika. Tumuloy ka. Ang totoo: wala. Wala namang sikretong hindi nalalaman. Walang binabad na ugat o halaman o dasal na inihahalo sa kawali. Ang kaibahan lang: kung anong mayroon, e di iyon. Hindi naman laging ampalaya. May panahong mustasa. Patola. Kalabasa. Talong. Tahong.

Bakit nga ba mapait ang ampalaya? lagi niyang tanong. Kasi nakakunot, lagi kong sagot, hindi isinali sa bahay-kubo.

Ang totoo— walang ampat ang pait sa paglalaway sa laya.

Apat na Hiwa ng Quezo de Bola

sa palad ninyo
solidong-solido
namumukol na tukso

mundong walang sulok
inapat naging tatsulok
palasong tutusok

bombang nakatanim
sa lamig ng hangin
sumabog sa ngipin

pulang-pulang sarap
nang mahubdan ng balat
naninilaw na alat